



MAHAL
KA NG
DIYOS!

1**NOONG SIMULA ANG TAO AY MAY
MAGANDANG RELASYON SA DIYOS.***Genesis 1:26-28; 2:15-17***TAO****DIYOS****SUBALIT MAY NANGYARI....**

Genesis 1:26-28

26 Pagkatapos, sinabi ng Diyos: “Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit.”

27 Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae,

28 at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, “Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa.

Genesis 2:15-17

15 Inilagay ng Panginoong Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan.

16 Sinabi niya sa tao, “Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan,

17 maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka.”



Romans 3:23

Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

Romans 6:23

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Hebrews 9:27

Itinakda sa mga tao na sila'y minsang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom.

Revelation 20:15

Itinapon sa lawa ng apoy ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay.

Revelation 21:8

Subalit malagim ang kasapitan ng mga duwag, ng mga taksil, ng mga nagpapasasa sa kasuklam-suklam na kahalayan, ng mga mamamatay-tao, ng mga nakikiapid, ng mga mangkukulam, ng mga sumasamba sa diyus-diyosan, at lahat ng mga sinungaling. Ang magiging bahagi nila'y sa lawa ng nagliliyab na asupre. Ito ang pangalawang kamatayan."

3 ANG PAMAMARAAN NG TAO AY WALANG BISA...

Ang tao 'y sinubukang bumalik sa Diyos sa pamamagitan ng mabuting gawa, penitensya, at relihiyon, subalit hindi ito ang pamamaraan ng Diyos. Hindi natin maililigtas ang ating mga sarili.
(*Efeso 2:8-9, Isaias 64:6*)

TAO

K
A
M
A
T
A
Y
A
N

Penance
Religion
Good works

K
A
S
A
L
A
N
A
N

DIYOS

LANGIT

B
U
H
A
Y

IMPIYERNO

Ephesians 2:8-9

8 Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili;

9 hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

Isaiah 64:6

Lahat tayo'y naging marumi sa harapan ng Diyos; ang mabubuting gawa nati'y maruruming basahan ang katulad.

4 SUBALIT LUBOS ANG PAGMAMAHAL NG DIYOS

Ibinigay niya ang Kanyang Bugtong na Anak upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at pagbuhos ng kanyang Dugo sa Krus, ang ating mga kasalanan ay mapapatawad at tayo'y maliligtas. (*Juan 3:16, 14:6, Roma 10:9-10, Hebreo 9:22, Gawa 4:12*)



John 3:16

Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

John 14:6

Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.

Romans 10:9-10

9 Kung ipahahayag ng iyong labi na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka.

10 Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay pinapawalang-sala ng Diyos. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayon ay naliligtas.

Hebrews 9:22

Ayon sa Kautusan, halos lahat ng bagay ay nililinis sa pamamagitan ng dugo, at walang kapatawaran ng kasalanan kung hindi sa pamamagitan ng pag-aalay ng dugo.

Acts 4:12

Sa kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan ng sinumang tao sa buong mundo na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas."

John 1:12, Luke 10:20

Lahat ng naniwala, lahat ng tumanggap sa kanya ay magiging anak ng Diyos at masusulat ang mga pangalan nila sa aklat ng buhay

Revelation 20:15

Itinapon sa lawa ng apoy ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay.

PRAYER:

Admit your sins- Repent and turn to God

Believe that Jesus paid your sins through His blood and His death on the cross. Entrust your life to what Jesus has done for you.

Commit your life to Christ, Confess Jesus as your Lord and Savior.